

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ang Lungsod ng Brampton ay ang magiging unang munisipalidad sa Ontario na gagamit ng de-kuryenteng fire truck

BRAMPTON, ON (Hunyo 16, 2021) – Sa araw na ito, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang mga plano ng Brampton Fire and Emergency Service na ang front-line pumper ay palitan ng Rosenbauer RT, isang lubos na de-kuryenteng fire truck.

Ang Brampton ay isang Green City at dedicated sa pagpapaigting ng pagiging sustainable at pagiging lider sa isang pangkapaligirang inobasyon, Ang Rosenbauer RT ay ang unang lubos na de-kuryenteng fire truck na mabibili sa pamilihan na magagawang matugunan ang kasalukuyang mga pamantayan sa pag-apula ng apoy. Ang Brampton ang magiging unang munisipalidad sa Ontario na gagamit ng de-kuryenteng front-line emergency response vehicle, sasama sa ibang mga world class na lungsod tulad ng Berlin, Amsterdam, Dubai, Los Angeles at Vancouver.

Ang teknolohiya ng truck ay magpapahintilot sa mga crew ng Brampton fire na lumikha ng zero emissions habang tumutugon sa mga emergency, hindi lamang sa panahon ng pagbibiyaha, ngunit habang nasa site rin. Ang pagtanggap ng mga emission onsite ay pumoprotekta sa kapwa kapaligiran at kalusugan at kaligtasan ng mga bumbero sa eksena sa pamamagitan ng pagbawas sa paglanghap ng mga bagay na nakakapagdulot ng kanser.

Kabilang sa karagdagang katangian ng lubos na de-kuryenteng behikulo ay ang kakayahan na iangat at ibaba ang ride height, katulad ng isang pampasaherong bus, na nagpapahintulot sa kadalian ng pagpasok sa sasakyan. Ang tampok na ito ay nagpapabawas din sa reach height para makuha ng mga bumbero ang kagamitan habang nasa site. Ang ride height ay pwedeng ibaba sa 6.8 inches at iangat sa 18.5 inches, na nagpapahintulot sa pagtugon sa baha nang walang pagkakataon na mapasok ng tubig ang makina. Ang bagong fire truck ay makakatulong din sa mga crew na mas mahusay na magmaniobra sa masikip na mga lokasyon at sa mas makipot na mga daan sa mga bagong subdivision, at idi-deploy ang pinakabagong mga ergonomic na teknolohiya, mas pinapabuti ang kalusugan at kaligtasan ng mga bumbero.

Ang bagong de-kuryenteng fire truck ay pinaplanong i-station sa bago, modernong Brampton Fire Campus, na kasalukuyang ginagawa. Tatanggapin ng Lungsod ang truck sa huling bahagi ng 2022.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Brampton Fire and Emergency Services, bisitahin ang www.bramptonfire.com. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Termino ng Prayoridad ng Konseho: Ang Brampton ay isang Green City, bisitahin ang www.brampton.ca.

Mga Quote

“Sa Lungsod ng Brampton, nagsisikap tayo para makapagtayo ng isang dagdag na sustenableng komunidad sa lahat ng ginagawa natin bilang isang Green City. Binabati ko ang Brampton Fire and Emergency Services sa kanilang pagsisikap na i-secure ang unang lubos na de-kuryenteng fire truck

ng Ontario. Ang Brampton ay isang world class na lungsod, at proud akong makisali sa iba na nagsisikap para madagdagan, ang pagka-madaling nakakaangkop sa pagbabago ng klima at mapababaan ang mga emission habang pinapanatiling ligtas ang ating komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang *Brampton* ay isang inobatibong lungsod, at palagi tayong naghahanap ng mga bagong paraan para madagdagan ang ating pagiging sustainable at maprotektahan ang ating mga residente at staff. Ang bagong lubos na de-kuryenteng fire truck ay magpapabawas sa panganib at mas magpapabuti sa kalusugan at kaligtasan ng ating dedicated na Fire and Emergency Services team, at mabawasan ang mga emission sa ating komunidad. Ipinagmamalaki natin ang pagiging nangunguna ng Brampton Fire sa luntiang teknolohiya.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Sa ngalan ng Brampton Fire and Emergency Services team, gusto kong ipahayag ang aming kagalakan sa Rosenbauer RT, isang lubos na de-kuryenteng fire truck. Ang truck ay may maraming kapana-panabik na katangian, mula sa pagpapabawas ng carcinogens sa eksena, hanggang sa pinakahuling ergonomic na mga teknolohiya, at tutulong sa atin na maging lider sa pagiging sustainable sa kapaligiran. Hinihintay natin ang paggamit nito para maprotektahan ang ating komunidad.”

- *Bill Boyes, Chief, Brampton Fire and Emergency Services, Lungsod ng Brampton*

“Dedicated ang Staff at ang Lungsod ng Brampton na dagdagan ang pagiging sustainable sa ating mga operation at at pagpapasulong sa Termino ng Prayoridad ng Konseho: Ang Brampton ay isang Green City. Sa pagde-deploy ng bagong lubos na de-kuryenteng fire truck, mababawasan ng Brampton Fire and Emergency Services ang mga emission at sumasali sa ibang mga world-class na lungsod bilang lider sa pangkapaligirang inobasyon.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca

